
	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2021-0005
	Title	Registration of New Corporate Entities and Reporting of Initial Employees through the Central Business Portal (CBP)

Tanong	Sagot
Ano ang Central Business Portal (CBP)?	<p>Ang CBP ay ang “central system” na itinatag ng gobyerno (nagmula sa DICT) para tumanggap at kumolekta ng mga aplikasyon kaugnay sa pagnenegosyo gaya ng primary at secondary licenses, business clearances, permits, certifications o authorizations na ini-issue ng mga Local Government Unit (LGU).</p> <p>Ang CBP ay maaari ring mag-provide ng mga links para sa mga online registration o application na naitatag na o itatatag pa lamang ng mga ibang National Government Agencies (NGAs) at LGUs (Section 13 R.A. No. 11032).</p>
Ano ang layunin ng Circular na ito?	Upang magkaroon ng panuntunan sa pagpapa-rehistro ng mga korporasyon at pagre-report ng mga bagong empleyado sa PhilHealth sa pamamagitan ng CBP.
Sino-sino ang mga sakop ng Circular na ito?	Sakop ng Circular ang mga nagpapa-rehistrong korporasyon gaya ng One Person Corporation at mga korporasyon na mayroong dalawa (2) hanggang apat (4) na incorporators kabilang na ang pagrereport ng mga bagong empleyado sa PhilHealth gamit ang CBP.
Paano ang tamang proseso sa pagpaparehistro ng mga korporasyon sa pamamagitan ng CBP?	<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang aplikante ay kailangang gumawa ng sariling account sa CBP upang magkaroon ito ng access at maparehistro ang binabalak na negosyo. 2. Pagkatapos ng matagumpay na pagpaparehistro ng negosyo sa CBP kinakailangan ng employer na ireport ang listahan ng mga bagong empleyado nito sa pamamagitan ng pag fill-out ng Unified Employee Reporting form na ginawa at inilaan sa CBP. 3. Para sa pagbabayad ng kaukulang kontribusyon sa PhilHealth ng mga bagong empleyado at pagrereport ng mga karagdagang tauhan, ang employer ay kinakailangang gumamit ng Electronic Premium Remittance System (EPRS) sa pamamagitan ng pag log on sa



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2021-0005
	Title	Registration of New Corporate Entities and Reporting of Initial Employees through the Central Business Portal (CBP)

Tanong	Sagot
	<p>https://epoaf.philhealth.gov.ph/employer. Ang employer ay kinakailangang gamitin ang online payment na inilaan ng PhilHealth para sa pagbabayad ng kontribusyon ng kanyang mga empleyado. Ito ay naayon sa PhilHealth Circular No. 2020-0008 re: “Payment of Premium Contributions through the Online Payment Facility of the Electronic Premium Remittance System (EPRS)”.</p>
<p>Paano ang pagpaparehistro ng mga korporasyon na may higit na 4 na incorporators sa PhilHealth?</p>	<p>Ang mga korporasyon na may higit na 4 na incorporators ay kinakailangang sundin ang panuntunan na nakasulat sa PhilHealth Circular No. 010-2015 entitled “SEC-IBR Post-Registration Guidelines in PhilHealth”.</p> <p>Note: Plano din na ma-integrate na ang SEC-IBRS sa CBP sa lalong madaling panahon.</p>

